*Form BK-1*

# KONTRATA SA PAGLILINGKOD SA TAHANAN

Ang kontrata ng trabaho sa tahanan ay napagpasiyahan sa pagitan nina:

A. ( Pangalan ng Pinaglilingkuran )
Tirahan at Telepono: ____________________________________________________

B. ( Pangalan ng Kasambahay )
Civil Status: ________________ Edad: __________
Tirahan at Telepono:____________________________________________________

Nagkasundo sa mga sumusunod na tuntunin at kondisyon:

1. Lugar ng trabaho: _________________________________________________________
*(Hindi maaaring italaga sa gawaing commercial, industrial o agricultural enterprise)*

2. Tagal/Panahon ng trabaho: Mula sa ___________________________________________
Hanggang sa __________________________________________

3. Uri ng trabaho: ____________________________________________________________
*(yaya, kusinera, hardinero, labandera, etc.)*

4. Mga tungkulin at gawain:
   a. ____________________________________________________________
   b. ____________________________________________________________
   c. ____________________________________________________________

5. Oras ng trabaho:
____________________________________________________________
(*Para sa Kasambahay na edad 15 hanggang 17, hindi sila pinahihintulutang magtrabaho ng higit sa walong oras sa isang araw, 40 oras sa isang linggo, at sa pagitan ng alas diyes ng gabi hanggang ala sais ng umaga*)

6. Lingguhang araw ng pahinga:_________________________________________________

7. Pasahod:
   a. Halaga ng buwanang sahod:
   ______________________________________________
   *(cash)*
   b. Dagdag na sahod kapag lumampas sa itinakdang oras ng trabaho:
   ____________________________________________________________
   *(halaga ng sahod bawat oras ng trabaho)*

   c. Takdang araw ng pagbabayad ng sahod:_____________________________________
   *(petsa ng buwanang sahod)*

8. Mga pinahihintulutang kaltas sa sahod: _______________________________________
*(Kasama ang contributions sa PhilHealth, Pag-IBIG, SSS, kung ang sahod ay P5,000 pataas)*

9. Mga benepisyo:
   a. Taunang leave na 5 araw na may bayad (dapat gamitin)
   b. *First-aid assistance* kapag nagkasakit

10. Iba pang mga benepisyo:________________________________________________________
______________________________________________________________________

11. Kasunduan tungkol sa pagkakautang, kung meron man:__________________________
______________________________________________________________________

12. Kasunduan tungkol sa gastos sa *deployment*, kung meron man:
______________________________________________________________________
*(Ang mga ginastos sa deployment ay makukuha muli ng pinaglilingkuran sa kasambahay kung siya ay hindi tumagal ng 6 na buwan sa pinaglilingkuran)*

13. Kasunduan tungkol sa pagtatapos ng trabaho:___________________________________
______________________________________________________________________

14. Bayad sa pagwawakas ng trabaho/kontrata:____________________________________
(bayad na 15 araw na sahod kung ang kasambahay ay tinanggal sa trabaho ng di-makatarungan)

15. Iba pang kasunduan, kung meron man: _________________________________________
______________________________________________________________________

16. Kapag natapos ang termino ng kasunduan ay maaaring awtomatikong ulitin ito at maging epektibo kung patuloy na maninilbihan ang kasambahay sa pinaglilingkuran.

17. Kung mangyari na may pagtalunan ang magkabilang panig, ito ay maaaring pagkasunduan muna sa barangay at kung walang mangyayari ay iaakyat ito sa DOLE-*Regional/Provincial/Field Office* na nakasasakop sa lugar ng trabaho.

18. Ano mang pagbabago sa kasunduan ay may bisa lamang kung ito ay napagkasunduan at may katumbas na kasulatan na nilagdaan ng dalawang panig.

Ang Pinaglilingkuran ay nangangakong magbibigay sa Kasambahay ng lahat ng mga benepisyong itinakda sa ilalim ng batas.

Ang Pinaglilingkuran at Kasambahay ay kusang sumasang-ayon sa mga kondisyong nabanggit sa kontratang ito.

| | |
|---|---|
| ______________________________ | ______________________________ |
| (Lagda ng Pinaglilingkuran) | (Lagda ng Kasambahay) |
| ______________________________ | ______________________________ |
| (Petsa ng paglalagda) | (Petsa ng paglalagda) |
| ______________________________ | ______________________________ |
| (Saksi) | (Saksi) |